**Gawad Ulirang Guro sa Filipino 2019**

Ukol sa Gawad:

Ang **Ulirang Guro sa Filipino** ang taunang gawad na ibinibigay ng Komisyon sa Wikang Filipino sa mga pilî at karapat-dapat na guro na gumagamit ng Filipino bilang midyum ng pagtuturo.

Alinsunod sa layunin ng KWF na manghikayat at magpalaganap ng wikang Filipino sa pamamagitan ng mga insentibo, mga grant, at mga gawad, hinahangad ng tanggapan na makilala at maipagparangalan ang mga natatanging guro sa Filipino na nagpamalas ng angking husay, talino, at dedikasyon sa pagpapalaganap at promosyon ng Wikang Filipino at/o mga wika at kultura sa kanilang komunidad.

Guro ang pundasyon ng sibilisasyon, at sa ganitong pananaw isinilang ang Gawad Ulirang Guro sa Filipino na kumikilala sa mga natatanging guro na pawang nakapag-ambag sa pagpapalaganap ng matalino at malikhaing gamit ng wikang Filipino sa iba't ibang disiplina, saanmang rehiyon sila nagmula, at nakapagpamalas ng pagpapahalaga sa kultura, kaakuhan, at kayamanang pamana ng bansa.

Kinikilala rin nito ang mga pambihirang gawain ng guro, sa mga anyong gaya ng akademikong ugnayan, saliksik, at pagpapalaganap ng wika upang mahikayat ang bagong henerasyon ng kabataan na kasangkapanin ang Filipino at iba pang wikang katutubo sa mataas na antas at tungo sa ganap na kapakinabangan ng mga mamamayang Filipino. I-click para sa **Tuntunin sa Ulirang Guro sa Filipino 2019**

Gamitin ang template ng **Curriculum Vitaé** kasama ang **Pormularyo ng Paglahok.**

Mga Tuntunin:

1. Bukás ang timpalak sa lahat ng gurong nagtuturo gamit ang wikang Filipino bílang midyum ng pagtuturo sa anumang asignatura/disiplina, mula elemetarya hanggang tersiyarya, maliban sa mga kawani ng KWF at mga direktor ng Sentro ng Wika at Kultura (SWK), at kanilang mga kaanak hanggang ikalawang digri (degree).

2. Bukod sa indibidwal na aplikasyon, maaaring magpadala ng nominasyon ang mga Tagapamanihala ng Paaralan, Prinsipal, at Pangulo ng kolehiyo/unibersidad.

3. Ang mga aplikante ay kinakailangang magtaglay ng sumusunod na katangian:

   a. May hawak na kaukulang lisensiya (LET para sa nasa antas sekundarya at elementarya, masterado o yunit sa MA para sa kolehiyo), full-time at may permanenteng istatus.

   b. Nakapaglingkod nang tatlo (3) o higit pang taon bílang gurong nagtuturo gamit

ang Filipino at kasalukuyang nagtuturo sa anumang antas ng edukasyon at may antas ng kahusayan (performance rating) na hindi bababa sa Very Satisfactory sa buong panahon ng paglilingkod.

c. May makabuluhang ambag sa mga saliksik pangwika at pangkultura ng rehiyon. (Bibigyan ng malaking puntos ang mga nagawang saliksik lalo na sa agham at ibang disiplina).

d. Nakapag-ambag sa pagpapalaganap at promosyon ng Wikang Filipino at/o mga wika at kultura sa larang ng pagtuturo sa kanilang komunidad sa pamamagitan ng publikasyon, seminar, pagsasanay, palihan, at iba pang katulad na gawain.

e. Nanguna sa pagpapahalaga sa pamánang pangwika at pangkultura ng Filipinas kaagapay ng pagtataguyod at pagpapaunlad sa wikang Filipino.

f. Nanguna sa paggamit at pagpapalaganap ng Ortograpiyang Pambansa. (Minamarkahan batay sa paggamit ng Ortograpiyang Pambansa sa pagsulat ng saliksik at korespondensiya opisyal.)

g. Nakatanggap ng parangal at/o iba pang gawad kaugnay sa kaniyang propesyon (opsiyonal).

4. Para sa Paunang Pagpili (Preliminary Judging):

4.1 Maaaring magpása ang paaralan/dibisyon ng higit sa isang nominasyon. Ang bawat nominado at aplikante ay kailangang magsumite ng sumusunod.

a. Pormularyo ng aplikasyon; at

b. Komprehensibong Curriculum Vitae. (Ang pormularyo 2019 at template ng CV 2019 ay maaaring madownload sa websayt ng KWF.)

4.2 Ang huling araw ng pagsusumite ng mga nominasyon/aplikasyon ay sa 1 Hulyo 2019.

Ipadala sa email adres
kwfssg@gmail.com

o sa opisina ng KWF sa adres na

Lupon sa Ulirang Guro 2019
Komisyon sa Wikang Filipino
Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
1005 San Miguel, Maynila

o sa pinakamalapit na Sentro ng Wika at Kultura (SWK) sa inyong lugar.

5. Ang mapipili sa Pre-judging na susulatan ng KWF ay kailangan magsumite sa o bago ang 2 Agosto 2019 ng sumusunod:

5.1 Rekomendasyon mula sa immediate superior ng kaniyang paaralan na naglalahad ng sumusunod:

a. Katunayan ng kagalingan bílang guro sa Filipino o guro na gumagamit ng Filipino sa kaniyang pagtuturo na may makabansa at makatáong kamalayan.

b. Katunayan ng No Pending Case at hindi naakusahan at napatunayang nagkasalà sa anumang kasong administratibo, sibil, o kriminal.

5.2 Kopya ng isang taóng Performance Rating na hindi bababà sa Very Satisfactory (VS).

5.3 Folio ng natanggap na gawad/pagkilala, kopya ng mga pananaliksik, publikasyon (aklat, journal, pahayagang pangkampus, atbp.) mga naisagawang seminar o palihan, at iba pang proyektong may kaugnayan sa wika at kultura.

5.4 Kung nagtuturo ng ibang asignatura o disiplina, ilakip ang mga patunay na nakapagtuturo gámit ang Filipino. Hal. modyul, banghay-aralin, silabus, pagsusulit, at iba pang kagamitang pampagtuturo nasusulat sa wikang Filipino.

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO • 1991 •

# Ulirang Guro sa Filipino 2019

## Pormularyo sa Paglahok

## I. Personal na Impormasyon

Pangalan: ____________________

Adres: ____________________

____________________

Edad: __________ Kasarian: __________ Katayuang Sibil: __________

Araw ng Kapanganakan: __________ Lugar ng Kapanganakan: __________

Wikang Sinasalita: __________ Etnolingguwistikong Pangkat: __________

Telepono: __________ Mobile: __________ Email adres: __________

Paaralang Pinagtuturuan: ____________________

Uri ng Paaralang Pinagtuturuan (I-tsek): ______ Publiko ______ Pribado

Adres ng Paaralan: ____________________

Telepono ng Paaralan: __________ Baitang/Taong Tinuturuan __________

Espesyalisasyon/Asignaturang Itinuturo: ____________________

## II. Mga Katangian ng Nominado

(I-tsek ang kahon kung taglay ang sumusunod na katangian)

- ☐ May kaukulang lisensiya sa pagtuturo (LET para sa nasa antas elementarya at sekundarya, masterado o yunit sa MA para sa kolehiyo), full-time at may permanenteng istatus
- ☐ Karanasan sa pagtuturo: _____ taon
- ☐ Antas ng kahusayan (performance rating) _______
- ☐ May nagawang mga pananaliksik. (Isulat ang titulo sa ibaba o sa hiwalay na papel kung hindi kasya)
- ☐ May nagawang publikasyon (aklat, journal, pahayagang pangkampus, at iba pa) (Isulat ang titulo sa hiwalay na papel kung hindi kasya)
- ☐ May naisagawang mga pagsasanay. (Isulat sa hiwalay na papel kung hindi kasya)
- ☐ May dinaluhang mga pagsasanay (Isulat sa hiwalay na papel kung hindi kasya)
- ☐ May inisyatiba sa pagtataguyod sa wikang Filipino
- ☐ May mga natanggap na parangal, gawad, at katulad

## III. Sertipiko ng Pagsang-ayon

Pinatutunayan nitó na tutupad ako sa lahat ng kahingian ng gawad at may pahintulot ako sa pagpása ng nominasyon.

Pinatutunayan din nitó na ako ay nása hustong kalagayan upang sumailalim sa ebalwasyon ng gawad. Sa pamamagitan nitó, tinatanggalan ko ng responsabilidad at pananagutan ang Komisyon sa Wikang Filipino at Sentro ng Wika at Kultura mula sa mga anomalya at lisya na maaaring magmula sa aking paglahok.

Pinagtitibay nitó ang kawastuan at katotohanan ng lahat ng impormasyong nakasaad sa pormularyong ito. Batid ko ang posibilidad ng diskalipikasyon kapag nakatuklas ng palsipikasyon sa mga isinumiteng papeles.

Nilagdaan ngayong__________________ sa ______________________________.

________________________

Pangalan at Lagdâ ng Nominado

Template ng Curriculum Vitae ng Aplikante sa Ulirang Guro

Retratong 2x2 pulgada

Kuha sa loob ng huling anim na buwan

**I. Personal na Impormasyon**

Pangalan:

**II. Natamong Edukasyon**

**Elementarya**

Pangalan ng Eskuwelahan:
Adres:
Taóng Pag-aaral:

**Sekundarya**

Pangalan ng Eskuwelahan:
Adres:
Taóng Pag-aaral:

**Kolehiyo**

Pangalan ng Eskuwelahan:
Adres:
Taóng Pag-aaral:
Kurso:

Gradwado

Pangalan ng Eskuwelahan
Adres:
Taong Pag-aaral
Kurso:

**Kursong Bokasyonal (Opsiyonal)**

**III. Lisensiya sa Pagtuturo**

LET/PBET
Iba pa

**IV. Karanasang Propesyonal**

Institusyon (Pinagturuan/Pinaglingkuran):
Posisyon:
Taon ng Pagtuturo/Paglilingkod:

**V. Mga Nagawang Pananaliksik**

Titulo/Pamagat:
Petsa:
Deskripsiyon ng Pananaliksik: ( 1 hanggang 3 pangungusap)

**VI. Nagawang Publikasyon (aklat, journal, pahayagang pangkampus, at iba pa)**

Titulo/Pamagat:
Petsa ng Pagkakalathala:
Naglimbag:

## VII. Mga Naisagawang Pagsasanay

Gampanin:
Pamagat ng Pagsasanay:
Saan ginanap ang Pagsasanay:
Petsa ng Pagsasanay:

Halimbawa:

*Kasapi ng Sekretaryat*
Teachers: Molding Future Generations
Manila Hotel, Ermita, Manila
13 Enero 2013

## VIII. Mga Dinaluhang Pagsasanay

Pamagat ng Pagsasanay:
Taon ng Pagsasanay:
Institusyon/Organisasyong Tagapagtaguyod Pagsasanay:
Lugar ng Pagsasanay:

## IX. Mga Naisagawang Programa, Proyekto, at iba pa para sa Pagtataguyod ng Filipino

Pamagat ng Programa/Proyekto:
Petsa: (kailan isinagawa)

## X. Organisasyong Kinabibilangan

Pangalan ng Organisasyon:
Gampanin:
Taon bílang kasapi/miyembro:

**Gawad KWF sa Sanaysay 2019**

1. Ang Gawad KWF sa Sanaysay ay bukás sa lahat maliban sa mga kawani ng KWF at kanilang kaanak.

2. Ang paksa ng sanaysay ay kaugnay sa tema ng Buwan ng Wika 2019 na Katutubong Wika: Tungo sa Isang Bansang Filipino. Maaaring pagtatalakay ito ng konsepto o resulta ng saliksik hinggil sa pagpalilinang ng mga katutubong wika ng Filipinas tungo sa pagkakaunawaan, pagkakaisa, at pagpapaunlad ng sambayanang Filipino.

3. Kailangang nasa wikang Filipino ang lahok, orihinal, hindi pa nailalathala, at hindi rin salin mula sa ibang wika. Marapat na hindi ito magkukulang sa 15 pahina at hindi rin sosobra sa 30 pahina.

4. Bilang saliksik, kailangang sumusunod ang paraan ng pagsulat nito sa mga tuntuning nakasaad sa KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat.

5. Ang lahok ay kailangang may apat (4) na kopyang makinilyado o kompiyuterisado (Font-12, Arial), doble espasyo, at may isang pulgadang palugit sa bawat gilid na nakaimprenta sa short bond paper na may laking 8 ½ x 11 pulgada. Ang soft copy ng lahok ay kailangang ilagay sa isang compact disc (CD).

6. Kinakailangang nagtataglay lamang ng sagisag-panulat (pen name) ang dokumento, soft copy man o nakaimprentang kopya.

7. Kasama ng ipapasang lahok ay isang isang selyadong No. 10 envelope na naglalaman ng hiwalay na pormularyo sa paglahok para sa buong detalye ng may-akda, dalawang retrato (2×2) ng kalahok, at maikling bionote.

8. Ipadala ang lahat ng kahingian sa:

   Gawad KWF sa Sanaysay 2018
   Komisyon sa Wikang Filipino
   2F Watson Bldg., 1610 JP Laurel St.,
   San Miguel, Manila 1005

9. Anumang pasiya ng Lupon ng Inampalan ay pinal at hindi na maipaghahabol. Lahat ng lahok, nanalo man o natalo, ay hindi na ibabalik sa mga kalahok at angkin ng KWF ang karapatang mailathala ang mga nagwaging lahok nang walang royalti sa mga may-akda.

10. Ang mga gantimpala ay ang sumusunod:

    Unang gantimpala: P30,000.00 at karangalang maging "Sanaysay ng Taon"

Pangalawang gantimpala: P20,000.00
Pangatlong gantimpala: P15,000.00

11. Hindi patatawarin ang sinumang mahuli at mapatunayang nagkasala ng plahiyo o pangongopya. Kakanselahin ng KWF ang ipinagwaging lahok nito sa timpalak at hindi na muling makasasali pa sa alinmang timpalak ng KWF.

12. Hanggang 05 Hulyo 2019, 5:00 nh ang pagtanggap ng mga lahok. Hindi tatanggapin ang mga lahok na ipinasa sa email.

13. Para sa mga tanong, tumawag sa (02) 736- 2519 para sa karagdagang impormasyon.

## GAWAD KWF SA SANAYSAY
Pormularyo sa Paglahok

**Mga Kalakip:**
- ☐ Apat na Sipi ng Lahok (photocopy)
- ☐ Pormularyo ng Paglahok
- ☐ Soft Copy ng Lahok (cd/usb)
- ☐ Hiwalay na selyadong sobre Lakip ang curriculum vitaé

| | | |
|---|---|---|
| Pamagat ng Lahok | | Petsa ng Pagsusumite |
| Sagisag-Panulat | | Lahok Blg. |
| Pangalan<br><br>Apelyido — Una — Gitna | | Petsa ang Kapanganakan |
| Permanenteng Tirahan/Adres | | Contact Nos. (Landline/Mobile) |
| Paaralan/Tanggapan o Institusyong Kinabibilangan | | Email Add |
| Edukasyon Tinapos/Kurso | Paaralan/Unibersidad | Blg. ng Pahina |

______________________________
Nilimbag ng Pangalan at Lagda

**KOMISYON SA WIKANG FILIPINO**
2F Watson Bldg., 1610 JP Laurel St.,
San Miguel, Manila 1005
(632) 7362519 komisyonsawika@gmail.com

Republika ng Filipinas
Tanggapan ng Pangulo
KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

**KWF Gawad Julian Cruz Balmaseda 2020**

Ukol sa Gawad:

Ang Gawad Julian Cruz Balmaseda ay ang pinakamataas na pagkilála na handog ng KWF para sa natatanging tesis at disertasyon sa agham, matematika, agham panlipunan, at iba pang kaugnay na larang gamit ang wikang Filipino.

Layunin nitó na hikayatin at palaganapin, sa pamamagitan ng sistemang mga insentibo, grant, at gawad, ang pagsusulat at publikasyon sa Filipino at ibang mga wika ng Filipinas ng mga akdang orihinal, kabilang ang mga teksbuk at sangguniang materyales sa iba't ibang disiplina.

May dalawang kategorya ang gawad: (1) tesis at (2) disertasyon. May isang magwawagi lámang sa bawat kategorya. Maaari ring walang tatanghaling magwawagi sa alinmang kategorya.

Nagsimula ang gawad noong 2015 at nakapagtala ng anim na nagwagi: Marlon S. Delupio, disertasyon sa kasaysayan (2015); Gilbert Macarandang, disertasyon sa agham pampolitika at Roman Sarmiento Jr., tesis sa kasaysayan (2016); Lovela Velasco, disertasyon sa panitikan, at Christian Javier Fajardo, tesis sa antropolohiya (2017); at Emmanuel De Leon, disertasyon sa pilosopiya (2018).

Makatatanggap ng halagang PHP100,000 (net) at isang plake ng pagkilála ang magwawagi sa mga kategorya ng naturang gawad. Lahat ng kopya ng mga lahok, nanalo man o natalo, ay hindi na ibabalik sa mga kalahok. Angkin ng KWF ang unang opsiyon na mailathala ang mga nagwaging lahok nang walang royalti sa may-akda.

Mga Tuntunin:

1. Ang gawad ay bukás sa lahat ng mga estudyante sa antas gradwado (masteral at doktorado), maliban sa mga empleado ng KWF at kanilang mga kaanak.

2. Ang ilalahok na tesis at/o disertasyon ay naipagtanggol at naipasá sa mga taóng 2018 at 2019.

3. Kinakailangan itong isulat bílang kahingian sa mga kursong may kaugnayan sa agham, matematika, agham panlipunan, humanidades, at sa iba pang kaugnay na larang.

4. Kailangang orihinal na isinulat at ipinagtanggol sa Filipino ang lahok, orihinal na gawa ng may-akda, hindi pa nailalathala bílang aklat, at hindi rin salin mula sa ibang wika.

5. Marapat na gamitin ang KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat (MMP) bílang format sa pagsulat ng talababa, talasanggunian, at iba pa.

2F Gusali Watson, 1610 Kalye JP Laurel, Malacañang Palace Complex, San Miguel, 1005 Maynila
(02) 736-2519 – SFN: (02) 736-2525 – trunkline • www.kwf.gov.ph • komisyonsawika@gmail.com

6. Ang lahok ay kailangang isumite nang apat (4) na limbag na kopyang makinilyado o computerized (hardcopy). Ang kopya ng mga lahok ay kinakailangang walang taglay na anumang pagkakakilanlan ng may-akda. Nangangahulugan ito ng pag-aalis ng mga preliminaryong pahina ng tesis at disertasyon na nagtataglay ng pagkakakilanlan ng may-akda. Tanging pamagat ng tesis/disertasyon at sagisag-panulat lámang ang pahihintulutang nakalimbag sa MS.

7. Ang mga preliminaryong pahina ng tesis/disertasyon, gaya ng katibayan ng pagsang-ayon, tungkol sa mananaliksik o bionote, pasasalamat, pag-aalay, pahina ng grado at ebalwasyon, at iba pang katulad ay ilalakip sa isang bukod na brown envelope, kasáma ang sumusunod:

(a) curriculum vitae ng may-akda;
(b) KWF pormularyo ng paglahok;
(c) notaryadong awtentipikasyon ng lahok;
(d) notaryadong katibayan ng etikong pananaliksik (walang plahiyo) na nilagdaan ng tagapayo;
(e) rekomendasyon mula sa dalawang propesor sa kinabibilangang larangan;
(f) rekomendasyon mula sa tagapangulo ng kinabibilangang departamento;
(g) rekomendasyon mula sa dekano/a ng kinabibilangang kolehiyo; at
(h) dihital na kopya ng lahok na nása isang compact disc (CD) o universal serial bus (USB).

8. Ang dokumentong ito ay nakalagay sa isang expanding envelope na may pangalan at adres ng kalahok. Ipadadala ang mga lahok sa:

Lupon sa Gawad Julian Cruz Balmaseda
c/o Sangay ng Edukasyon at Networking (SEN)
2P Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel,
San Miguel, Maynila 1005

9. Ang huling araw ng pagsusumite ng mga lahok ay sa 11 Oktubre 2019, 5:00 nh. Para sa mga ipinadala sa pamamagitan ng koreo, tatanggapin lamang ng KWF ang mga lahok na nai-mail bago o sa nabanggit na petsa.

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO • 1991 •

## GAWAD JULIAN CRUZ BALMASEDA

Pormularyo sa Paglahok

**Lupon sa Gawad Julian Cruz Balmaseda**
c/o Sangay ng Edukasyon at Networking (SEN)
2P Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel,
San Miguel, Maynila 1005
Tel blg. (02) 736-2519
email: komisyonsawika@gmail.com

**MGA KAILANGANG DOKUMENTO:**

- ☐ apat (4) na limbag na kopya ng lahok
- ☐ curriculum vitae;
- ☐ KWF pormularyo ng paglahok;
- ☐ notaryadong awtentipikasyon ng lahok;
- ☐ notaryadong katibayan ng etikong pananaliksik (walang plahiyo) na nilagdaan ng tagapayo;
- ☐ rekomendasyon mula sa dalawang propesor sa kinabibilangang larangan;
- ☐ rekomendasyon mula sa tagapangulo ng kinabibilangang departamento;
- ☐ rekomendasyon mula sa dekano/a ng kinabibilangang kolehiyo; at
- ☐ dihital na kopya ng lahok na nása isang CD o USB

| | | | |
|---|---|---|---|
| Pamagat ng Lahok | | | Entri Blg. *(Para sa KWF)* |
| Sagisag-panulat | | | Bilang ng pahina ng lahok |
| Pangalan | | | Telepono blg at/o mobile blg. |
| Apelyido | Una | Gitna | |
| Adres | | | |
| Kurso/digri | | | Email adres |
| Unibersidad o kolehiyo | | | |
| Adres ng unibersidad o kolehiyo | | | Nais mo bang makatanggap ng mga pabatid sa mga gawaing pangwika ng KWF? |
| | | | **Email:** [ ] oo [ ] hindi / **Text:** [ ] oo [ ] hindi |
| | | | |
| Lagda sa ibabaw ng nakalimbag na pangalan | | | |